

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART I)**

[17 January 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: The number one threat to the Filipino today aside from itong NPA and the terrorist is really the COVID-19 fight. It is really a debilitating sickness and a lot of Filipinos are... That's a contagion, contagion 'yan eh itong parang hawa --- gihawa mabilis. So that's what keeps us worried about in the coming months.

I just hope that the --- kung nag-peak na sana pero the Department of Health says it has not --- it has, sir? [*Sec. Duque: It seems it's beginning, Mr. President, nagpa-plateau.*] Okay. You may start the short talks with you.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Yes, sir. Good evening, Mr. President. Good evening, Senator Bong Go, chair Committee on Health; ES Medialdea; my fellow Cabinet members; at higit po sa lahat sa atin pong mga kababayan, magandang-magandang gabi po sa ating lahat.

[*Can I have the first slide?*]

Sa atin pong usual COVID-19 updates ay ngayong January 17, mayroon po tayong nadagdag na 37,070 cases. Ang atin pong active cases ay umabot na sa 290,938 katumbas po nito ay 8.97 percent at may naidagdag po tayong 36,891. Samantalang ito po 'yung mga iba-ibang kaso ng atin pong COVID-19 batay po sa kanilang sintomas. Makikita po natin dito asymptomatic ay 9,187 of the 37,070 --- of the 290,000 active cases, ito ay 3.16 percent. Ang mild natin 'yan po pinakamalaki po rito 95.22 percent po ito, 277,000, puros mild naman halos. Moderate natin 1.01 percent at 2,900 thereabouts. Ang severe 1,480, less than one percent or 0.51 percent to be exact. Ang critical po natin ay nasa nananatiling mababa nasa 304 cases katumbas po nito ay 0.10 percent.

Samantalang ang recoveries po natin ay nasa almost 90 percent at 2.898 million thereabouts. Samantalang ang ating case fatality rate ay bumababa sa 1.63 percent. Ang pangkalahatang bilang ng pumanaw ay nasa 52,929.

At ang ating positivity rate ibig sabihin po nito `yung bilang ng mga nagpositibo doon sa total test na ginawa, which is roughly about 80,000 thereabouts. At as usual, NCR na naman ang may pinakamalaking naiambag, Mr. President, 13,543. Although bumababa na `yung kanyang share of the total caseload --- of `yung national caseload natin. Tapos ang Region IV-A natin nasa 9,362; followed by Region III. Now the top three provinces which contribute to the cases, ang pinakamalaki po Laguna nasa 3,400 thereabouts; Cavite, 2,800 plus; Quezon City nasa 2,842.

So ngayon, ang atin pong national utilization rates: ang atin pong bed utilization nasa 48.33 percent; samantalang ang ICU natin ang gamit ang porsiyento ng gamit nasa 49.33 percent; samantalang ang mechanical ventilator utilization rate ay nasa 21.89 percent. So lahat po ito nagpapakita na nasa low risk level ang atin pong healthcare utilization rate.

[Next slide, please.]

Ito naman po `yung ating epi curve at makikita po natin ito `yung ating --- `yung black line, ito po bumababa na po tayo noong December pero sumipa na naman tayo. Very characteristic po ito, Mr. President, of the Omicron variant, `yung parang letter "L" ang shape nung kanyang bar graph in terms of the number of cases.

Kung titingnan natin ito, Mr. President, from January 11 to January 17, `yung one week na daily average daily cases natin ay 34,923 per day, which is higher by 71 percent compared to the week prior January 4 to January 10 where we logged 20,462 cases. Siya naman po ay mataas ng 689 percent over the week prior to that which is December 28 to January 3 at 2,592. So kung makikita natin 725 percent tapos ang kanyang itinaas from the prior week and then sumunod a week after 689, 71 percent.

So bumabagal, bumababa po `yung porsiyento ng pagtaas ng mga kaso, Mr. President. At siyempre dito makikita natin ang mga code: `yung NCR blue, iyan po kulay blue `yan po `yung share or percentage ng --- graphical representation ng NCR in terms of its contribution to the national caseload. Ang susunod po sa kanya ay ang Region IV-A, teal, parang aqua blue; and then ito po `yung Region III; and the other regions ito na po `yung remaining regions on the basis of a 4-week moving average.

So rito malinaw, Mr. President, `yung rate of increase ay bumabagal na po `no, bumababa at ipapakita ko po sa inyo mamaya slides to further support this observation.

[Next slide.]

Ang classification, samantalang all other regions nasa high risk classification. Ang NCR po, Regions II, I, IV-A and V have total beds and ICU utilization at moderate risk, two other regions with moderate risk health systems capacity.

Tingnan naman po natin ito, ang national risk classification ng Philippines, makikita po natin dito nasa 1,865 --- ah 805 ang kanyang two-week growth rate. Ang laki po ng kanyang itinaas. Samantalang ang average daily attack rate niya from 1.30 tumaas po siya to 24.82 cases per 100,000 population putting it at a critical risk classification. Samantalang gaya ng nasabi ko kanina, nasa low risk naman po ang kanyang healthcare utilization rate in particular bed utilization nasa 48.33, samantalang ang ICU utilization nasa 49.33 percent.

So `yung iba anim: one, two, three, four, five, six --- NCR – 2; 1 – IV-A and CAR and III ay nasa critical risk classification. Samantalang lahat ay nasa high risk classification based on the average daily attack rate and the two-week growth rate in the number of cases.

So ganoon din po karamihan po dito ay nasa moderate risk level na. Umabot ang kanilang bed capacity and also ICU for the regions that I have mentioned a while ago and the rest ito pong nasa blue ay nagpapakita na low risk ang kanilang healthcare utilization rates and we hope na sana hindi na po ito maging pula, Mr. President. Sana ang pinakamataas na lang ay nasa moderate risk so that we can further manage and also hopefully in due time we will be able to deescalate the provinces from Alert Level 3 to Alert Level 2 thereby allowing us to further open up bigger segments of the economy.

[So next slide naman po.]

Makikita naman natin dito ito po `yung tinatawag nating mga admission curve natin. So ito po `yung ang kanyang code: `yung dark blue, ito po `yan, ito po `yung ating mga asymptomatics `no, ito po `yung mga naoospital ano. Ito po namang mild ito po siya, itong kulay na `yan.

Makikita po natin after --- from July, nag-peak siya mga June, July, bumaba nang bumaba `yung admissions --- admission curve for the mild cases. Pero nakita niyo pagpasok ng January --- or end of December pagpasok ng January, sumipa ang daming mild na naoospital.

At hindi po maganda na ganito ang nangyayari, Mr. President, kasi nga ayaw natin `yung mild cases `yun ang pumupunta sa ospital. Gusto natin sila mapunta sa mga lower level facilities, `yung mga temporary treatment and monitoring facilities. Dahil pagka napupunta po sa ospital `yung mild, they're crowding out people who are truly deserving of --- `yung dapat talagang maospital, `yung mga severe and critical cases. So we're trying to manage this, Mr. President, by bringing these cases to the lower level facilities, which is appropriate for their mild condition.

Samantalang ito namang dilaw, Mr. President, ito `yung ating moderate `no. Nakita rin natin may pag --- nagtaas din tayo pero bumababa na rin din po siya dahil nailalagay na po din natin sila sa tamang level ng facilities in accordance with --- appropriate to their clinical manifestation.

So ito naman, makikita natin, Mr. President, `yung severe cases natin tumaas din mula noong nag-umpisang tumaas from July all the way tapos makikita natin bumagsak pagpasok ng January `no. So nagpapakita na talaga `yung bakuna natin ang laking tulong sa pagbigay proteksiyon laban sa severe and critical cases.

In fact, `yung critical cases natin ganoon din ang baba, Mr. President, ayan oh. Of all the admissions, `yung critical cases just account for four percent samantalang ang severe cases just account for about 10 percent of all --- to 45 percent of the admissions.

So hopefully ito mapababa din po natin `to by bringing them to the appropriate facilities and we hope that we continue to observe the severe and critical cases representing a low share of the utilization rates `no ng ospital. So ayan po for severe, it's just 10 percent, iyan po `yan; at ito naman critical cases nasa four percent of all the admissions in the hospitals.

So mai-attribute po natin --- tumataas ang kaso natin, Mr. President. Sumisipa `yung kaso --- dati ang Delta, pagka sumipa `yung kaso, sumisipa din `yung ICU case, `yung severe, critical sumisipa din. Pero ngayon nakita natin parang nagde-decoupling. Ang tawag, sir, "decoupling" o bumabaklas na doon sa admission curve na mataas. Mababa na ho `yung ating severe, critical, and hopefully this will remain.

But we have to be careful, Mr. President, kasi puwede pa rin `yan tumaas because of the sheer number of infections or the admissions. So what --- the sheer number of infection that can still pose a threat to our health systems capacity so puwede pa rin tayo ma-overwhelm.

So kailangan pa rin ho natin mag-iingat at ipagpatuloy ang pagbibigay lunas sa ating mga kaso, kabilang po rito ang paglaan din ng sapat na COVID-19 beds, medical devices, at pagpapalawig nung access sa mga investigational drugs, at ang paggamit ng telemedicine at COVID-19 home isolation package.

Mr. President, pinapalawig na po natin `yung teleconsult and telemedicine para `yung mga tao na hinihikayat natin kung mild, asymptomatic, mag-home isolation kung may kaunting sintomas or mag-quarantine kapagka sila ay na-expose at gumamit na lamang po telepono sa mga doktor para ma... Kasi madali naman ngayon, sir, with the technology, imbes na sa ospital, sa bahay na lang through teleconsultation and telemedicine.

So `yung pangatlo po base sa mga global experts naman natin, ang mga katangian ng Omicron ay as had been emphasized in the previous meetings, mild po ang Omicron kung ihahalintulad sa mga naunang variant katulad ng Alpha, Beta, and Delta at... Ngunit patuloy ang amin pong paalala na maski ito ay mild ang katangian, mabilis naman ang kanyang pagkalat kaya naman mag-iingat pa rin ang lahat at ito po ang nararapat na gawin.

So gayunman, based on this, dapat ipagpatuloy ang atin pong pagpapabakuna kahit na... Makikita po natin dito `yung severe, critical cases na mababa. Bunsod po ito ng ating vaccination na mataas na po ang ating coverage, nasa 78 percent ang ating --- of our eligible population ang may first dose. At ang completed jab rate natin ay nasa --- a little over 70

percent of the eligible population. Mga 54 million Filipinos have been completely inoculated out of the 77 million Filipinos eligible.

[Next slide. Next slide, please.]

Ito naman po...

[Next slide na lang.]

Sa pagsasaalang-alang ng bagong kaalaman ukol sa COVID-19, Mr. President, pati na rin ang kasalukuyang interventions laban sa COVID-19, ang DOH, sa tulong ng mga eksperto, ay nag-update ng aming mga protocols in the context of the Omicron variant.

Ang atin pong updated protocols ay patuloy na ginagamit ang ating prevent, detect, isolate, test, reintegrate framework. Ang mga pagbabago ay atin pong ipinatutupad upang mas mapalawig ang atin pong prevent strategies pati na rin ang mapaiksi ang ating isolation and quarantine strategies base sa pinakabagong kaalaman ukol sa Omicron variant.

Hayaan muna ninyong bigyan ko nang kaunti pang paglilinaw ang bawat estratehiya na nakaharap po sa atin sa ngayon. Para po sa prevent, pinaaalalahanan natin ang lahat na patuloy gumamit ng mask; maghugas nang wasto ng kamay; umiwas sa mga 3Cs settings: 'yung closed spaces, crowded areas, and close contact settings; at panatilihin ang tamang ventilation sa ating mga tahanan at sa mga establisyimento pangnegosyo.

At sa kabila ng pagkakaroon ng mild characteristics ng Omicron variant, hindi po tayo dapat magpakampante at patuloy natin sundin ang prevent strategies upang maiwasang mahawa sa ating mga nakakasalamuha.

Sunod para naman po sa ating detect, kinakailangan pong bigyang prayoridad ang mga vulnerable population. Ang atin pong A1 o ito po 'yung mga healthcare workers ang atin pong palagiang exposed sa COVID-19 kaya sila po ay talagang agresibo, aktibo po natin na pinalalawig ang booster

vaccination sa A1, habang ang atin namang A2 at A3 ang lubhang at risk sa severe at critical infection.

Ang mga iba namang close contacts lalo na rin ang mga walang sintomas ay inuudyok namin na agad na lamang magpa-quarantine at kumpletuhin ang recommended period of quarantine base sa kanilang vaccination status.

Para naman sa quarantine and isolate, aming binabaan ang isolation period ng asymptomatic and mild cases na fully vaccinated to seven days, at atin ding binabaan ang quarantine sa mga fully vaccinated to five days from date of exposure.

Para naman sa ika-apat o sa treat ay hinihikayat natin ang lahat na gamitin ang telemedicine providers at sa mga home care package for mild cases upang hindi mapuno ang ating mga ospital. Ang atin namang mga telemedicine providers ay nakahandang magbigay ng kanilang serbisyo in the comfort and safety of our homes.

At para naman sa huli, reintegrate, amin ding hinihikayat ang iba't ibang mga sektor na panatilihin ang pagsunod sa ating Safety Seal guidelines upang masigurado natin ligtas tayong makapagbubukas muli ng ating ekonomiya.

Napakamahalaga po 'yung Safety Seal, Mr. President, kasi ito will allow business establishments to expand their capacity by another 10 percent kapagka po sila ay nabigyan ng Safety Seal or Certification.

At siyempre kapagka naman ang kanilang vaccination ay lumagpas ng 70 percent nung kanila pong A2 and A3 groups ay nabibigyan din po sila ng karagdagang 20 percent expansion. So maganda po itong polisiya natin, Mr. President, at hindi naman po natin pinapabayaan na ang ekonomiya ay maipagpatuloy ang pagbangon at makamit ang dating sigla nito.

Finally, ang atin pong bansa ay gaya ng nasabi ko, nasa critical risk case classification na mayroon pong 34,923 7-day moving average of reported daily cases; samantalang 1,805 percent two-week growth rate, mataas po

ito; 24.82 naman ang average daily attack rate per 100,000 population; at mayroon pong 47.3 percent positivity rate.

Ang pagtaas ng mga kaso na nakikita natin ngayong January taong 2022 ay mas mabilis at mas malaki kaysa noong September 2021 peak in relation to Delta variant. Sa kabila ng paglobo ng mga kaso, ang mga admissions sa national at NCR levels ay nananatiling mas mababa kaysa noong September 2021 peak.

Bagaman ito ay patuloy nating binabantayan sapagkat maaari pa rin pong tumaas sa mga susunod na araw. Sana huwag na pong tataas pero kinakailangan talaga gawin ang nararapat gawin para maibaba natin muli ang bilang ng mga kaso.

At huli, ang atin pong vaccination rate ay patuloy na tumataas na na may 75 percent ng ating target population ang nakakuha ng isang dose; habang 71 percent ang fully vaccinated individuals.

So ito na lang po, Mr. President. Ako po ay handang tumugon o sumagot sa inyo pong mga katanungan. Maraming salamat po sa pagkakataon, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: May tanong lang ako ho sa iyo, sir. Paano ko malaman kung dumap --- ang dumapo sa akin ay ang original microbe --- itong COVID-19, iyong variant niya, iyong four --- D, rather, at itong isa ang panghuli itong Omicron? Paano malaman ng tao na tinamaan siya alin doon sa tatlo?

SEC. DUQUE: Ang tanging pamamaraan lang, Mr. President, para malaman kung ikaw ba ay tinamaan ng Omicron variant or Delta variant or Alpha variant o 'yung original Wuhan wild virus, gagawa --- isasailalim po 'yan sa whole genome sequencing.

Mayroon na po tayong kakayahan na gawin ito. Ang Philippine Genome Center ang siya pong tinaguriang sentro ng pagsasailalim ng mga RT-PCR positive result na mga tests na isasailalim po doon sa tinatawag na whole genome sequencing.

Iyong whole genome sequencing, iyan po ay parang --- [*Paano ko ba sasabihin ito?*] --- parang fingerprinting nung mga viruses na kung Omicron, mayroon po siyang mga mutations doon sa kanyang spike protein, nabibilang po 'yan nung ating genomic sequencing. Mayroon din for Delta at sa mga iba't ibang mga variants.

Pero, Mr. President, ito ay hindi po ginagawa ito sa pangkaraniwang pamamaraan. In other words, sir, ito ginagawa parang indicators lang ito, Mr. President, kung nakapasok na ba 'yung Omicron variant o kagaya nung Delta.

Naalala niyo, sir, noong January 2021, 'di ba nag-meeting tayo sa Malacañang? Pinabuo ninyo sa amin ang Task Force COVID-19 Variants at inutusan niyo rin kami, Mr. President, na palakasin ang ating kakayahan pagdating sa whole genome sequencing. At iyan naman po ang kaagad ginawa ng ating Philippine Genome Center and the National Institutes of Health. So iyan po, natutukoy na nila, sir, kung mayroon ng Omicron.

But, Mr. President, it really doesn't matter whether --- whatever variant. What is important is the interventions remained the same. If not, heightened 'no.

PRESIDENT DUTERTE: In all of the three cases?

SEC. DUQUE: In all of them. It is still mask, hugas, iwas, ventilation, Mr. President, and vaccination. So iyan pa rin po ang sagot.

At maganda nga po ang nangyayari sa ngayon dahil kahit na papaano, pagsabi ko nga pagsipa ng kaso dati, sipa din ang severe, sipa din ang kritikal, ICU utilization rate ay ang taas-taas din.

Pero ngayon, nananatiling manageable 'yung ating severe, critical cases at ang ating ICU utilization rate ay ganoon din po nasa low to moderate risk ang kanyang classification.

So whatever the variant, Mr. President, we do the same thing but we need to heighten. We keep reminding our people, it's the same thing. All the strategies work and they seem to be working very effectively, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ang Omicron is the dominant ano ngayon virus?

SEC. DUQUE: Yes, sir. Tama po kayo, Mr. President. Ang Omicron ngayon sa latest run, iyon pong pagsasailalim ng mga specimen sa genome sequencing, tumaas na po. Halos more than 90 percent ang Omicron variant na po ang natutuklasan sa pamamagitan ng whole genome sequencing, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: And you believe that it is still rising?

SEC. DUQUE: I... Well, the data for today or at least for the last several days from last week to this week, nasa mga 34 --- 35,000 per day ang mga kaso natin. Hindi una noong nangyari, sir, nasa 600 naging 1,300; 1,300 naging 3,000. Almost one to two days nagdodoble po 'yung kaso.

So ngayon, parang bumabagal na po 'yung pagtaas 'yung porsiyento.

PRESIDENT DUTERTE: Hindi pa nag-plateau?

SEC. DUQUE: Nag-uumpisa na hong mag-plateau, Mr. President. But we still don't know kung sisipa pa ba ito muli or patuloy na mag-plateau, tapos hopefully bababa siya. Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Kung sana mag-plateau na.

SEC. DUQUE: Opo, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong plateau is steady na lang 'yung infection at hindi na dadagdag o kaya iyong ibang tao o lahat halos na kaharap nitong COVID na ito, baksinado na.

Kung vaccinated, medyo may laban ka. Kung wala, maglibing tayo ng... Punuin natin 'yang mga ano natin cemetery kasi... [*Saan ba? Nandito eh. Saan na ba 'yung namatay? Ito, ito.*] Ang namatay is 52,929. Ang bagong namatay 23, as of today, ngayong araw na ito. So pataas nang pataas rin ang namatay. Palagay ko kung nabakunado ito, buhay pa hanggang ngayon.

Sige kayo, nasa inyo 'yan. Nasa tao 'yan. Ayaw makinig, eh wala naman sanang masama kung magpabakuna ka except na 'yung tinatamaan ng medyo kaunting lagnat. But hindi ka mamamatay niyan halos buhay. Iyong hindi talaga bakunado, patay. Maski Omicron, patay 'yan.

Your body constitution cannot just cope up with the so many microbes inside the body. Kung hindi ka magpabakuna, your antibodies alone, hindi nila alam 'yung kalaban ba o hindi na 'yun.

Ang bakuna is bigyan ka nang kaunti ng --- kaunting germs, weakened, 'yung pinahina o pinatay, tapos 'yan ang bakunang ipapasok sa iyo. Iyong iba, 'yung ibang bakuna, medyo buhay. Itong iba, patay talaga. Pero alinman sa mga bakuna, except for the 'yung medyo nagkaroon ng ano --- wala naman hong namamatay.

Ang maraming namamatay talaga hanggang dito... Maitanong ko nga sa iyo, Secretary, bakit 'yung sa graph mo kanina, bakit tumaas bigla nang mataas?

SEC. DUQUE: Iyon po talaga 'yung katangian ng Omicron, Mr. President. Sa lahat po, sa South Africa, sa UK, sa United States, sa mga ibang mga bansa na ang nagdo-dominate na variant is Omicron, talagang mabilis po siya na makapanghawa.

In fact, it will only take three days before the symptoms develop compared to Delta, five days 'no, mas matagal bago po siya --- ang incubation period niya compared sa Omicron.

At madali po siyang makahawa dahil sa tinatawag na breakthrough infection. Kahit na bakunado ka, puwede ka pa rin mahawaan ng Omicron. Pero ang kagandahan sa bakuna effective pa rin siya laban sa severe and critical COVID infection. Eh 'yun naman po talaga ang halaga ng bakuna.

Pagdating po sa hawaan, hindi po siya ganoon kaepektibo in preventing transmission or hawaan. Ano po ang susi para mapigilan ang hawaan? Ito po: mask, hugas, iwas. Iyan pa rin po ang pinakamalaking halaga ng minimum public health standards, 'yung atin pong araw-araw inyo pong paghihikayat sa taong-bayan. Una, against severe and critical cases, MPHS against transmission.

PRESIDENT DUTERTE: Ang Omicron maraming tinamaan but marami namang tao na naka-mask, bakunado, 'yung iba nasa bahay lang nga, pumapasok 'yung --- 'yung nagdadagdag araw-araw, puro bahay na ang tinatamaan. May iba o marami 'yan sila na bakunado, hindi naglalabas ng bahay, tinatamaan pa rin ng ano.

Is it --- is that an airborne --- itong ano? Kasi marami ng --- naka-mask na 'yung mga tao eh, tapos tinamaan pa rin.

SEC. DUQUE: Iyong mga tinatamaan, Mr. President, either mali 'yung kanilang pagsuot ng mask, naka --- nakaganoon o nakalabas 'yung ilong, ganoon. Useless 'yan eh, that is what we call token compliance. But it is the

wrong way of doing things. It is the wrong way of complying --- complying with our minimum public health standards.

Halimbawa 'yung pag-iiwas, Mr. President, imbes na isang metro, eh nag-uusap nagkakakalapit. Eh alam niyo itong nagdaan na Kapaskuhan at saka Bagong Taon, Mr. President, 'di ba ang mga tao nag-celebrate sila noong Christmas. Nag-imbata ng mga tao, siyempre kakain ka, tatanggalin mo 'yung mask mo. Kakain ka tapos mag-uusap kayo.

Eh tandaan natin, Mr. President, ang findings sa Omicron variant ano, dito sa upper respiratory siya namumuo marami po 'yan sa ilong, sa lalamunan. Hindi po siya namumuo doon sa mababang bahagi ng ating lungs o baga. So madali siyang lumabas.

Individuals with Omicron variant can easily transmit because nandito po eh, pagka nagsalita, kaunting salita, kaunting ubo, kaunting singa, naililipat kaagad, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Saan na ba 'yung mask ko? T***
i**... *[laughs]* Bwisit itong Omicron na 'to.

SEC. DUQUE: So 'yan po, Mr. President, ay katangian ng Omicron. Pero maigi lang, Mr. President, mabilis siya pero mukhang mild 'no.

PRESIDENT DUTERTE: Nagsuot lang ako nito ---

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: --- pagka ako magsalita. Pero kung makinig ako, ito. Pagsalita ko lang tanggalin ko talaga kasi... It's queer but parang hindi ako makakaano ng boses ko pagka nag --- naka-mask ako.

SEC. DUQUE: Malinaw naman, Mr. President, malinaw naman ang pagsasalita niyo kahit na may mask.

PRESIDENT DUTERTE: Ah ganoon?

SEC. DUQUE: Okay naman, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: 'Pag ako kasi nagsasalita maski sa labas, tinatangal ko kasi para sa akin medyo... Pero kung naririnig mo, malinaw...

SEC. DUQUE: Malinaw, sir.

PRESIDENT DUTERTE: We will go to --- next si Asec. Macaraig? Caraig. You are representing the --- ?

OCD ASSISTANT SECRETARY HERNANDO CARAIG JR.: Office of Civil Defense, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Go ahead.

ASEC. CARAIG: Good evening, Mr. President; Senator Christopher Go, good evening; to all Cabinet officials present, good evening; sirs and madams. On behalf of Usec. Ric Jalad, sir, may I provide you updates on response to Typhoon Odette.

[Next slide, please.]

As shown, Typhoon Odette has affected 2.3 million families with 8.1 million affected persons. While casualties accounted for 406 deaths, 65 missing and 1,265 injured. Damage to houses, we have 1.3 million damaged houses with estimated cost of 64 million. And --- while for the damage of infrastructure and agriculture we have 18 billion and 11.7 billion, respectively.

[Next slide, please.]

At this point, please allow me to provide updates on the early recovery priorities.

[Next slide, please.]

PRESIDENT DUTERTE: Sandali lang, itong tubig ba na-stabilize na? The water that's being distributed?

ASEC. CARAIG: Yes, sir. Continuing --- continuously distributing, sir, and I will report...

PRESIDENT DUTERTE: Kasi kung hindi mamatay sa exposure to the --- to the elements. Walang bahay. Ang karamihan is na --- nagkaroon ng diarrhea because of water, dirty water. Sa river diretso na sila. Then they all get sick because of the contaminated water. Kaya ang importante talaga ang tubig.

ASEC. CARAIG: Yes, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Hindi masyado ang pagkain kasi niluluto eh. Ito bang tubig okay na?

ASEC. CARAIG: Efforts are continuously being done by the WASH Committee, sir. And I will report during the next succeeding slides, sir, about the water.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, sige po.

ASEC. CARAIG: Thank you, sir. In terms of food and relief items, shown is the report from the DSWD.

[Next slide, please.]

Similarly, shown is the total cost of assistance provided by OCD valued at 139 million.

PRESIDENT DUTERTE: Assistance, money?

ASEC. CARAIG: No, sir, composed of food and non-food items, as shown, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Lahat-lahat na?

ASEC. CARAIG: Yes, sir. As of today, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong tubig lang po ang importante talaga.

ASEC. CARAIG: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Ang ano --- ang ano dito is the key to solving the problem is seeing to it that the typhoon victims get a clean --- potable clean water. Iyong source na malinis tapos kung wala, 'yung bottled --- bottled water na lang.

Kung mayroong adequate supply, kung nag-stabilize na 'yung sitwasyon sa tubig, wala ng problema, okay lang. We minimize the --- the people drinking contaminated water.

ASEC. CARAIG: Yes, Mr. President. That's noted, sir. Still related...

[Next slide, please.]

Still related to food and relief items. The NDRRMC logistics cluster, led by OCD, also delivered around 6.49 million kilograms of various relief items.

[Next slide, please.]

In terms of water, Mr. President, OCD provided 1.74 liters or 2.1 million water bottles and a donation from Lucio Tan Group and Chinese Chambers of Commerce of 1.9 million liters of water, and we have still a reserve of 2.175 liters to be distributed to the affected regional areas for a total of 5.2 liters.

PRESIDENT DUTERTE: Itong --- itong --- paki-note na lang nito, talagang tingnan ninyo `yung tubig because ang tao umiinom ng tubig almost every -- - every three hours, nauuhaw `yan.

It is not only during the --- `yung kumakain, taking the meals, they drink water. But after that towards the late afternoon, iinom pa `yan ng tubig ng -- - `yung pinapalagay natin bottled water, `yung nasa harap ni ano --- ni Secretary Nograles. Bakit siya lang man ang may tubig, kami wala? Si Secretary Duque, wala. Ikaw. Si Bong Go walang tubig. Nasaan ba ang manager dito? Anak ka ng... Ah sige na, huwag na.

Ang opisina ko, I --- I do not use the word --- ang Malacañan is almost sarado kasi naka-positive lahat. I think... Ito, ito, wala ng mga taga-Protocol, tinamaan lahat. *[Aide gives the President bottled water] [Galilee. Galilee? Galilee. Dili ko ka --- sakit.]* Sige po, pag...

ASEC. CARAIG: Yes, sir. The donation from the Lucio Tan Group, sir, is continuing until the end of January.

[Next slide, please.]

As I've earlier --- earlier said, the remaining 2.1 liters or equivalent to 4,350,000 bottles are to be distributed to the different areas, regional areas: MIMAROPA, Region VII, VIII and CARAGA. These are the regional --- regions needing these bottled waters, sir.

PRESIDENT DUTERTE: *[off-mic]*

ASEC. CARAIG: That's correct, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: *[off-mic]*

I think we have to... Mag --- marami pa tayo because `yung pagkain halos na parang... If you still have money sabihin mo sa kanila priority pagkain, of course, pati tubig. Importante talaga tubig.

In every disaster, whatever it is, a fire, landslide o tidal wave, sinabi ko uli, I seem to be repeating it always, but para ma --- ma-remind lang ang lahat --

- sunog, na-experience ko, I got this when I was mayor. Ang unang --- `pag magsama ako `yung sa first responders, ang unang hiningi ng tao tubig talaga, lalo na kung under stress, tubig ang hinahanap.

So bilisan talaga ninyo ang tubig because tubig is breakfast, lunch, and dinner. Iyon ang experience ko. Importante talaga ang tubig na mainom.

ASEC. CARAIG: Noted, Mr. President.

[Next slide, please.]

As directed by the President, the Regional DRMMCs led by OCD facilitated the door-to-door water deliveries and delivered a total of 932 liters, directly delivered to 2,830 barangays, as shown, sir.

IV-B and Region VII are complemented with water filtration system, sir, this is to address the problems about diarrhea and other water-related diseases, sir. In Bohol, there are actually nine water filtration systems donated by various donors.

For Region VI, it manifested that it is not in need of water so it decided to support other regions in need of water.

Additionally, Mr. President, there are continuing effort of the non-affected regional offices of OCD. There are four actually, IX, X, XI and XII, which are negotiating with Nature's Spring regional sites to --- for the procurement of additional water and this will be provided to the affected regions.

Actually, Region X has a pending delivery of 193 liters for Region VII and 213 liters for CARAGA. While Region XII already delivered 113 liters for CARAGA, as well as, Region IX at 935 liters. Region XI is now negotiating, sir, with Nature's Spring here at the regional office for additional procurement of Nature's Spring bottled water and to be delivered also to CARAGA and Region VII.

[Next slide, please.]

These are the photos of the door-to-door deliveries of the bottled water for the recipient barangays.

[Next slide, please.]

For shelter, an emergency meeting was held on 13 January 2022, and it was agreed that the shelter cluster under DSHUD will submit proposal re shelter

funding assistance for families based on damaged houses. The agreed area of coverage of shelter assistance will be done by NHA and DSWD as presented.

[Next slide, please.]

Relatedly, the Philippine Coconut Authority, in support to our shelter initiative, reports deployment of chainsaws for use in shelter construction and other operations to include the clearing of [fallen] trees for shelter materials.

In terms of mobilization of government resources, shown are the available land, air, and sea assets of the NDRRMC for mobility as coordinated by the Office of Civil Defense.

[Next slide, please.]

Using chartered plane via PSI Air, the OCD also managed to deliver air cargo services totaling to 39 trips to different areas as shown.

On the provision of financial assistance for families, please be informed, Mr. President, that works are in place for the finalization of list of LGUs, as well as the distribution dates, as reported by DILG being the lead in this effort.

For the Post-Disaster Needs Assessment, shown is the status of Regions MIMAROPA and Region VI, PDNA teams and their target areas as well as the dates of the conduct of this PDNA.

[Next slide, please.]

Similarly, shown are the PDNA teams deployment for Region VII, VIII, and CARAGA, and so are the target areas.

Finally, sir, for the ways ahead, we really need the sustainment of our early recovery interventions and the completion of Post-Disaster Needs Assessment and formulation of Comprehensive Rehabilitation and Recovery Plan.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

ASEC. CARAIG: Thank you very much, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat po. It's a video teleconference by --- by tele --- teleconference, kakausapin natin si Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR

CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; Executive Secretary Bingbong Medialdea; fellow Cabinet members; mga kababayan, magandang gabi po sa inyo pong lahat.

Ngayon pong gabi ay ipi-present po natin `yung implementasyon ng ating mga target goals in our National Vaccination Program for CY 2022.

[Next slide, please.]

Kagaya po ng ating naipresenta noong nakaraang linggo, ang five-point objectives and target goals for CY 2022 Vaccination Program are as follows: una ay ang pagbabakuna ng 90 million ng ating populasyon which remain on track, Mr. President.

Pangalawa ay mabigyan natin ng boosters ang eligible na adult and children population numbering to 72.16 million na kinakailangan pa nating paigtingin at palakasin ang demand at ang pagbabakuna.

Pangatlo ay ang pagbabakuna sa menor de edad na dose anyos hanggang 17 anyos with both primaries and boosters, and, Mr. President, we are on track.

Pang-apat ay ang pagbabakuna ng five to 11 years old with boosters and primaries na sisimulan sa darating na Pebrero. At panglima ay ang pagbabakuna ng mga toddlers or infant ages zero to four years old.

[Next slide, please.]

Sa unang misyon ng pagbabakuna ng 90 million na Pilipino, ang sitwasyon po natin ngayon ay nakuha na po natin ang una nating milestone, ang pagbabakuna ng mahigit na 54 million na katao or exactly 55.1 million to be exact or 70 percent ng target adult population.

But we still need to pursue another milestone na bakunahan ang 77 milyong Pilipino by end of first quarter and 90 million na Pilipino by second quarter of this year. Base po sa ating kasalukuyang datos, kayang-kaya po natin, Mr. President, na dahil mayroon na po tayong daily average na 500,000 second dosing per day.

Ang dat --- ang atin ding estratehiya sa mga sumusunod ay hahanapin at bakunahan ang ating 3 million na nalalabing unvaccinated seniors. Maximize the use of Janssen, single dose vaccine dahil as of today, mayroon po tayong 9 million pa tayo na nasa stocks. Puwede po tayong mag-conduct ng vaccination days sa mga rehiyon at lugar na madami pang tao ang unvaccinated. At ang huli ay magtayo ng vaccination site sa bawat barangay at magkaroon po tayo ng bahay-bahay.

Sir, Mr. President, para mabigyan po natin ang publiko ng mga konkretong datos at ang ating assessment, dito po sa table na ating in-analyze, ang five-day output ng daily averages from January 10 to 14 ng first doses administration, `yung second doses, `yung third dose or `yung boosting at `yung pag-administer natin ng Janssen.

Makikita po dito sa ating mga datos na may total average po tayo na 509,598 na fully vaccinated kada araw mula sa second dosing at saka sa Janssen po natin na tinuturok.

So kung ating kokompyutin po na kung mayroon po tayong 2.5 million kada linggo or 10 million kada buwan na makakatapos ng primary dosing or second dosing, kaya po natin ang 90 million by end of second quarter. Kaya vinalidate ng datos na ito na kaya natin on track na makaya po natin ang milestone pati po `yung 77 million by end of March and 90 million by end of June.

[Next slide, please.]

Dumako naman po tayo sa pagbo-booster. Sa ngayon po, Mr. President, ay nakapagtala po tayo ng 4.7 million Filipinos have taken their boosters. Ito po sa ating analysis ay mababa dahil halos sabay po natin inilunsad ang pagbabakuna ng mga bata, ang mga bata po ngayon ay mahigit na 8 million.

Ang average po natin naitala ay mahigit na 260,000 po lamang. Kinakailangan po na maiangat sa doblado or 500,000 doses kada araw.

[Next slide, please.]

Ito po ngayon ang tinututukan at kailangan po nating gawin sa mga sumusunod. Sa ngayon po, Sec. Vince at saka si Usec. Myrna ay tinututukan po ito, Mr. President. So ito po ang ating mga estratehiya. Concentrate po tayo sa NCR+ 10 at sa mga area na may more than 70 percent fully vaccinated para mapanatili na mataas at tuloy-tuloy na proteksiyon. I-expand po natin ang vaccination sites for boosting using big pharmacies and private sector clinics for the A4 population. Ito po idi-discuss po ni Secretary Vince po mamaya. At mag-dedicate po tayo ng mega vaccination site like Nayong Pilipino at mga malls for boosters administration.

[Next slide po.]

Mr. President, I am happy to report na maganda po ang ating ongoing vaccination for minors at napakataas po ng antas ng public accept --- acceptance. Lalo na po noong National Vaccination Day nagdo-dominate po ang mga minors na talagang pumunta po sa mga vaccination site.

Sa ngayon po ay may 8.49 million or 67 percent na po ang naka-receive ng first dose and 6.88 million or 54 percent na po ang fully vaccinated sa ating aged 12 to 17 years old.

Sa assessment po namin na kung magtuloy-tuloy ang magandang output natin at kaya po nating matapos ang pagbabakuna ng kabataan edad 12 hanggang 17 anyos by end of March at makapagsimula po tayo ng boosters by April pagka po napayagan po tayo ng mga experts.

[Next slide, please.]

Sa pagbabakuna naman po ng edad five to 11 years old, may itinataya po na 15.56 million po ang gustong magpabakuna at ito po ay hinihintay na rin ng mga maraming mga magulang at nagtatanong po sa atin. Bilang update po, Mr. President, sa ating publiko, 780,000 doses po ang parating sa huling araw ng January at mayroon po tayong 1,632,000 doses naman po ang padating ng February 7.

Ito po ay bahagi ng 7.5 million na darating ngayong first quarter at another set po na 7.5 million for the second quarter. May in-order na rin po tayo na karagdagang 10 to 15 million para makumpleto ang second dosing sa five to 11 years old.

Other orders will be in tranches considering this is a different formulation intended for the age group 11 years and below. Puwede po natin pong gamitin 'to sa zero to four years old.

Ang Sinovac din po is also applying for three to 17 years old for another source of alternative supply. Ang implementasyon ng estratehiya ay pareho po ng ginawa natin para sa kabataan edad 12 hanggang 17 at magsisimula po tayo pagtungtong po ng Pebrero.

For zero to four years old, hihintayin po natin ang paglabas ng emergency amendment sa ibang bansa at ang advice ng ating mga experts.

[Next slide, please.]

Ito po, Mr. President, ang dine-develop po nating monitoring table or dashboard para po makita nating mabuti na kung saan na po tayo sa ating five-point program sa ating malawakang bakunahan.

[Next slide, please.]

Para naman po sa karagdagan ng ating publiko, atin pong sisimulan ang way of the future vaccination to address our shortage of vaccinators. This strategy is now being practiced in the US and globally. The use of big pharmacies and private sector clinics and the use of our pharmacist as vaccinator.

Natutuwa po kami at nagpapasalamat kay Secretary Vince dahil siya po ang nag-initiate nito kasi nakita niya po sa US na talagang sa mga pharmacy lang po kumukuha ng bakuna.

As shown, the rollout will start first at pilot areas in NCR and then expand in other cities, and lastly, to other regions based on the readiness and safety inspection. Magsisimula po tayo sa January 21 sa pitong malalaking --- atin pong mga pharmacies.

[Next slide, please.]

Ipa-prioritize lang po natin dito ang boosters to ensure safety sa lahat po ng priority groups from A1 to A5 and the rest of the population. But majority po which will be coming from the private sector, A4.

Mr. President, this is our way forward to hand over the responsibility of the vaccination from the national government-centered to its complete devolution to the LGUs and the private sector in the preparation for the future commercialization of the vaccine. So ang mangyayari po si Secretary Año at saka po ang private sector na po ang mamumuno po ng mga vaccination program po natin through the LGUs.

[Next slide, please.]

Para din po masagot ang agam-agam ng iba sa vaccine inequality, sinasabi po ng mga iba na kung mayroon daw na tayong vaccine inequality. Kung titingnan po natin ang table na ito ay makikita po na halos lahat ng mga region ay may 50 percent o 55 percent na po na fully vaccinated at ang mga region ng BARMM na lang po ang atin pong inaalalayan.

May walong rehiyon din po ang may more than 70 percent na partially vaccinated with more than 98 million doses in our warehouse. We are very confident that every region can meet their targets.

Iyan po, diyan lang po ako nagtatapos, mahal na Presidente. That ends my presentation, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Galvez. And now we go to Secretary Año of the DILG.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Maraming salamat po, Mr. President.

[Please put up my slide.]

Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet --- public servants; and mga kababayan, magandang gabi po.

Ang aking unang ibabahagi po, Mr. President, ay ilalahad ko muna ang epekto ng surge ho ng Omicron sa DILG. Sa ngayon po ay kami ang isa sa pinakanaapektuhan sapagkat umaabot na po sa 4,801 ang active cases sa buong DILG kasama na po ang inyong lingkod. Sa amin pong central and regional offices ay mayroon pong 98. Ang pinakamarami ay ang Philippine National Police na umaabot na po ng 4,000.

At dito naman po sa NAPOLCOM ay mayroon po tayong umaabot na 60; at dito naman po sa Bureau of Fire Protection ay mayroon pong 471; 91 naman po dito sa BJMP; sa Local Government Academy ay mayroong 10; dito

naman po sa Philippine Public Safety College ay 13; sa Philippine Commission for Women, mayroon po tayong 13; sa National Commission for Muslim Filipinos mayroong isa; sa National Youth Commission ay mayroong apat; at sa kasalukuyan po, Mr. President, apat po na gobernador ang mayroong COVID at 21 mayors all over the country.

Patuloy pa rin pong gagampanan ng inyong Team DILG ang aming mandato bilang tagapangasiwa ng sektor ng interyor at sektor ng mga pamahalaang lokal.

[Next slide, please.]

Ngayon po, Mr. President, ay talagang mayroon tayong surge kung kaya't marami pong lugar na inilagay natin sa Alert Level 3. In fact, po ay aabot sa 97 ang LGUs na under ng Alert Level 3. At sa pagpapatupad ng ating granular lockdown nationwide, makikita po na 31 city at municipalities ang apektado, 268 barangays po, at 540 naman po ang kasalukuyang under granular lockdown --- ang 60 ay nasa National Capital Region, at ang apektado ay 717 households or 1,482 individuals.

[Next slide, please.]

Sa inyo naman pong pag-uutos na tumulong ang Philippine National Police upang mabantayan ang mga quarantine hotels, ngayon po ay umaabot na sa 23, 970 ang ating mga returning overseas Filipinos, at kabuuan po ay 1,842 na pulis ang ating naka-deploy. Nakapagtalaga po tayo ng Help Desk around 478.

[Next slide, please.]

Sa ilalim po ng Alert Level 3 at sa inyong pag-uutos na i-restrict ang paglabas ng mga unvaccinated sa kanilang mga bahay, sinusuportahan din po natin ang DOTr sa kanilang bagong policy na "No Vax, No Ride" policy.

Kami po ay naglabas din ng memo circular sa ating mga local government units at inatasan kasama po ang Highway Patrol Group, ang Philippine National Police, at mga traffic bureaus ng LGUs upang ipatupad ang kautusan na ito, at siguraduhin po natin na ang ating mga unvaccinated ay mananatili sa kanilang mga bahay.

Ang mga taong may medical condition at mga mamamayan na kinakailangang maka-access sa essential at medical services ang pupuwede lamang pong bigyan ng ating exemption. Sa ngayon po naman ay maayos ang pagpapatupad nito at masasabi po natin na sumusunod po ang ating mga kababayan.

Ang atin pong League of Provinces of the Philippines ay naglabas na rin po ng kautusan na ang ating mga probinsiya ay sumunod. Iyon pong monitoring ng paglabag sa mga health protocols, nakita po natin na tumaas ng 38.9 percent ang violations sa hindi pagsusuot ng mask, umabot po ng 62,833. At mas mataas naman din po ang violation sa mass gathering at pati po sa hindi pag-o-observe ng physical distancing na umangat ng 21.1 percent or 23,528 violations.

[Next slide.]

Sa atin naman pong pagmo-monitor sa pagco-conduct ng anti-illegal drug operations ng ating mga law enforcement units, makikita po na nakapagsagawa tayo ng 783 anti-illegal drug operations sa loob po ng anim na araw at dalawa po ang nasawi sa ating mga operations. Samantalang nakapag-aresto naman tayo ng 1,091 violators at mayroon naman pong nag-surrender na 17. Sa kabuuan po, ang ating nasamsam na pinagsamang shabu at marijuana ay umaabot sa halagang P113,364,294.

[Next slide, please.]

PRESIDENT DUTERTE: Sir, puwede akong mag-interrupt sandali?

SEC. AÑO: Opo, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Itong "died during police operations," on the side of the criminals ito?

SEC. AÑO: Opo, Mr. President, sa side po ito ng mga kriminal. Sa ating mga kapulisan po ay wala namang nasawi.

PRESIDENT DUTERTE: Ah okay. I supposed that they really offered a --- nag... Refusing to be arrested or fighting it out?

SEC. AÑO: They fight --- they fought it out with our law enforcers, Mr. President. Talagang lumaban po ang mga ito kaya sila po ay nasawi.

PRESIDENT DUTERTE: Ah okay.

SEC. AÑO: Ito naman po ay kasama sa official report.

PRESIDENT DUTERTE: Okay ho. Salamat. Proceed, please.

SEC. AÑO: *[Next slide, please.]* Iyon lamang po ang aking maiuulat, Mr. President. At ang atin pong mga law enforcers at atin pong mga LGUs ay patuloy na magsasagawa ng lahat ng effort para po labanan ang kriminalidad and, at the same time, po para siguraduhin po natin na mapababa ang kaso ng ating mga COVID cases.

Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. May I just add --- sort of really a --- talagang magle-lecture ako. Balik tayo sa basics ng a democratic country. The rule is always and has been and it does not change that the --- `yung public good remains high in the hierarchy of things. Obligado --- obligasyon ng gobyerno kasi `yung may namatay, tapos `yung iba ayaw naman `yung sa bakuna. Ang hinahabol natin diyan is the greatest good for the greatest number. Iyan talaga ang --- that's a dictum that must be remembered when

constitutional provisions are being put into issue kagaya ng alamin ng barangay captain kung sino 'yung may --- walang bakuna.

It does not --- even if it is really a violation, at this time when there is a public --- public ano, protection of the public, of the many, eh masasakripisyo talaga 'yung the right will be --- not really sacrificed --- but must be below always, it cannot go higher than the public good. The greatest number would always prevail. The greatest good for the greatest majority.

Kaya maski sa election, 100 voters tapos nanalo ako ng 51 votes minus 49, eh kung anong pag-usapan natin, when it is put to a voting, eh 'yung 49 may isa --- isa lang ang kailangan mo para... Nagboboto 100, o 51 na ang nakakuha, 'yung 49 talo. Eh 'yung ma --- 'yung ano ninyo, 'yung argument against the interest of the community comes into play with the constitutional provisions and what is the prevailing state of a country, whether it is invaded or lahat, whether there's a rebellion, government can always, you know, come up with the measures that would intrude into your rights.

But I said when it --- including the what is needed by government to do at this time, for example, a declaration of a pandemic and it becomes a worldwide thing, your rights must **subserve** the rights of others to protect the good, the public good of all.

So 'yan lang ang masasabi ko diyan sa ano. Hindi naman nagdadada pero nagpoprotesta then you are doused by --- doused by the bumbero because you are violating the prohibition of being, you know, social distancing, and even a crowd that... A crowd is a crowd.

Ideally, talagang sanang walang --- limited ang tao sa labas. But during the --- during Christmas time, everybody was having a gath --- a good time tapos sans the warnings that we have always been telling the public to "*please, do not do this.*"

It was also during Christmas time that people were allowed to go out en masse to celebrate Christmas, buying things, and people are getting out. May pera sila, nagbibili at saka marami. You can see the crowd noong Pasko sa Divisoria. Nakita mo na ang Quiapo. Talagang nagsisiksikan and every

rule was almost violated. Iyong mga maskara. Tama si ano, nasa ba --- sa ba --- lalabas iyong ilong, ang bibig lang ang tinatakpan. But you are using the --- kasi you are using oxygen and breathe in, breathe out ka. Once it goes out of your body if you are a contaminated person, you distribute your germs amongst your fellowmen.

Tandaan lang ho ninyo 'yan for those who... Talagang until now our... The duty of government in a democracy is the greatest good for the greatest number. Tandaan ninyo 'yan. So kaya nga just to illustrate what it is, what it means, it means a democracy, the majority prevails.

Kaya nga in 100 persons voting, you get the 51 votes. Iyong 49, talo na 'yun. So 'yung anong gawain ng itong 51, they are there not --- whatever. The rule is the same, the majority gets always the privilege of having their -- - whatever exercise of voting or... What is said --- what number is good for them, it's always the majority who will prevail.

We go now to Secretary Briones of the Department of Education. This is about...

DEPED SECRETARY LEONOR BRIONES: Maayong gabii (good evening). Maayong gabii, Mr. President. Ang aking report ngayong gabi, Mr. President, tatlong bahagi lamang, maikli.

Una, gusto natin --- gusto kong i-report kung ano ang resulta ng ating pilot face-to-face classes; ah pangalawa, anong adjustments ang ginawa namin sa DepEd dahil sa pag-surge ng Omicron; ah pangatlo, 'yung DepEd actions and recommendations base sa mga instructions ninyo.

Una, gusto kong i-report na ang pilot face-to-face natin ay highly successful. Ito ay covered by your instructions by a Joint Memorandum Circular between DepEd and DOH kaya partner namin sila. Kasali din ang DILG and eventually ang Secretary of Justice dahil nagbibigay din siya ng advice sa amin.

Ang framework ay shared responsibility itong health ng ating kabataan. Ang edukasyon ay responsibilidad nating lahat. Sa pilot, Mr. President, 287 schools ang nag-participate. Ang mga 15,000 na learners ang involved. Natapos ito noong December 22. Bago kami nag-umpisa, Mr. President, nag-survey muna kami sa iyong pag-prepare namin para sa pilot.

Pangalawa, noong nag-implement na kami sa pilot, ah noong pinayagan na ninyo kami, mino-monitor namin, tina-track namin isa-isa kasi you are talking of 287 schools. Ngayon, pangatlo, iyong after the pilot, nag-post survey na naman kami. Una, aming sinurvey (survey) 'yung mga learners. Tinanong namin kung ano ang kanilang karanasan sa pilot face-to-face, natuwa ba sila, mga parents, teachers, school heads, at saka mga community members.

Ngayon, napakaganda ng resulta. Una, iyong preparations maayos dahil binigyan ninyo kami ng mahabang panahon para maghanda tapos napakataas ng level ng attendance. Kung may bumababa ay dahil nagkataon na may bagyo, may ulan, may baha, and so on.

Wala kami ni isang confirmed case of COVID, Mr. President. Sa 287 schools and 15,000 learners, wala kaming nadiskubre na nagka-COVID. Tapos ang mga learners, after the pilot, nang sinurvey namin sila teachers and parents, they were feeling safe while they were in schools. So napakataas ng satisfaction levels.

So mataas din ang confidence namin na sa nagsabi na kayo na hayaan na ninyo kami, binibigay ninyo sa amin ang authority na pag-aralan, together with the Department of Health, kung paano i-expand itong programang ito ay kami ay talagang naghanda nang husto.

Pero alam namin na nangyari itong si Omicron, dumating si Omicron. So ngayon ano 'yung mga adjustments na ginawa namin dahil handa na sana kami na by January mag-expand na? Eh ngayon nag-issue kami ng memorandum.

Tiningnan namin kung anong dapat naming gagawin at kami ay nag-decide, Mr. President, kasi every two weeks ang risk assessment ng Department of Health. In-authorize namin ang mga regional directors kasi ang regional directors represent the department as well as the superintendents na sila ang mag-decide kung mag-suspend o hindi ng classes but not exceeding two weeks kasi two weeks naman ang pagitan ng pag-assess ng Department of Health, ng local governments, at lahat, na kung anong nangyayari kay Omicron.

So far, dalawang rehiyon --- alam naman natin ito ang pinakamalaking rehiyon natin, which is NCR na may estudyante na 2.7 million, at saka ang

Calabarzon, Region IV-A na 3.8 million na learners, sila ang nag-suspend ng classes dahil ang classification sa kanila ay Level 3.

So ang nangyari, Mr. President, hindi lahat sinususpend natin dahil iba't iba naman ang sitwasyon. Binigay namin ang authority sa regional directors pero, of course, they were closely monitored and were always reporting to us.

Finally, Mr. President, pangatlo, ano na ngayon ang ginawa ng DepEd para sa pagpatuloy ng ating learning continuity at ano ang mga recommendations natin? Una, 'yung aming memorandum with the Department of Health, tuloy pa rin. Iyong aming kooperasyon sa local government units, tuloy pa rin. At bago naman lumabas na ang opinyon ng ating Secretary of Justice hinggil sa vaccination ay susundin din namin iyong mga guidelines na 'yun.

So ang aming rekomendasyon, Mr. President, progressive expansion. Hindi 'yung lahat-lahat sabay-sabay. Kung ang isang lugar ay Alert Level 1 and 2, selective, puwedeng mag-expand ng face-to-face.

Pangalawa, ang DepEd at ang DOH na binigyan ninyo ng delegated authority sa pag-implement ng programang ito, ang kondisyon ninyo noon ay susundin ang mga payo ng Department of Health at saka ang DILG at ngayon ang Department of Justice na nagbigay na ng opinyon hinggil sa vaccination issues.

Ang aming rekomendasyon, Mr. President, na kung mag-expand man ng tinatawag namin, biro namin na "*fes-to-fes*", kung mag-expand ng "*fes-to-fes*" ay first week of February kasi lumabas na ang assessment ng January 16 to 31 ng Department of Health at nandoon pa rin iyong mga Level 3 risk assessment. Hindi talaga natin 'yan galawin 'yung mga Level 3 assessments like NCR and Region IV-A.

Ngayon, iyong framework ng shared responsibility patuloy. Iyong pag-concur ng LGUs, alam na alam namin ito, conscious kami at saka parents' consent, requirement pa rin, Mr. President. Hindi kami mag-e-expand nang basta-basta na hindi kami mangangatok sa local governments at saka hindi namin makuha iyong written consent ng mga parents.

Pangatlo, alam ko na mayroong ibang mga staff namin na siguro hindi nila magustuhan. Ang sabi namin, only vaccinated teachers and non-teaching personnel na vaccinated will participate kung tayo ay mag-implement ng face-to-face. At saka 'yung participation ng vaccinated students, kasi in-announce na ni Secretary Galvez na by March, by April, mag-umpisa na tayo sa mga bata, iyon preferred natin 'yun.

So iyon ang aming proposal, Mr. President. February ang pag-e-expand pero maingat pa rin, taking into consideration the advice of the Department of Health, the LGUs, as well as now the Department of Justice.

Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, salamat, ma'am.

SEC. BRIONES: Salamat. Daghang salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Then we have... The next is the chairman of CHED. Si Chairman Prospero de Vera.

CHED CHAIRPERSON PROSPERO DE VERA III: Magandang, Mr. President. Ito po ang aking report sa Higher Education.

[If you can flash the screen. Next slide, please.]

Mr. President, gusto ko pong i-report pagdating sa bakunahan, as of 13 January 2022, ang vaccination rate po namin sa Higher Education ay napakataas na.

Nagpapasalamat ako sa tulong ng National Task Force na pinamumunuan ni Secretary Galvez at ng Department of Health dahil sa school-based vaccination system, 87.44 percent na po ng mga guro at mga empleyado sa Higher Education Institutions ang bakunado; 96 percent sa kanila fully vaccinated; at four percent na lang ang partially vaccinated. Ito po ay mas mataas kaysa sa ating national average.

Sa mga estudyante naman, out of 4.1 million students in colleges and universities, 76 percent na po ang bakunado; 76 percent sa kanila ay fully vaccinated. Tuloy-tuloy ang school-based vaccination namin at ang tinututukan na po ngayon ay iyong booster para sa mga tapos na ng kanilang vaccination. So malapit na po naming maabot kahit na sa mga estudyante 'yung required na level para madagdagan 'yung kaligtasan ng ating mga estudyante.

Pagdating naman po sa pagbukas ng second semester --- *[next slide please.]* --- pinayagan na po natin last year ang pagsimula ng limited face-to-face classes sa Level 2 at Level 3 sa buong Pilipinas. Handa na at nakapag-retrofit na ang mga eskwelahan. Kaya lang nga tumaas ang COVID incidence or COVID-infection at naging Level 3 ang maraming mga lugar sa Pilipinas.

Kaya't ang ating utos sa mga pamantasan ay magbukas kung sila ay handa, magkonsulta sa kanilang local governments, magkonsulta sa kanilang mga estudyante at faculty, at tingnan ang kanilang condition on the ground.

[Next slide, please.]

Sa ngayon po, iyong maraming mga pamantasan ay nag-decide, lalo na sa Metro Manila, na buksan ang kanilang second semester sa February imbes na sa January.

Lahat po ng malalaking state universities at colleges sa Metro Manila ay mabubukas sa February. Ang UP po ay February 7 magbubukas imbes na January dahil tinitingnan pa nila kung ano ang kalagayan on the ground.

Mayroon hong mga region na hindi rin nagbukas pa ng kanilang semester dahil tinamaan sila ng Bagyong Odette. Sa Region VIII, VII at CARAGA, hindi pa nakapagbukas ang maraming pamantasan dahil nasira ang kanilang facilities, wala pang kuryente sa ibang lugar o walang Internet kaya't sila'y magbubukas din ng February.

So sa ngayon po, Mr. President, ang maraming mga pamantasan na nagbukas na ng semester ay online ang ginagamit. Ang face-to-face po ay kanilang sisimulan pagka ligtas na ang kalagayan ng mga estudyante. So ang marami po sa ngayon ay nag --- nasa enrollment pa lang ngayong January dahil minove (move) nila ang kanilang pagbukas sa February 2022.

[Next slide, please.]

Ang ating utos sa kanila ay mag-conduct ng mandatory consultation sa mga guro at mga estudyante sa pagbukas ng limited face-to-face. Nag-i-schedule din po tayo ng mga Zoom session kasama ang mga health experts at ang mga presidente ng mga pamantasan para makita nila kung ano ang datos kung saan lumilipat at dumadami ang COVID cases, saan puwedeng bumaba na para sila'y makapagplano.

Dahil po may mga lugar na sa Pilipinas na dati Level 2 at naging Level 3 kaya't bago pa man sila mapalitan ng level ay kailangang hawak-hawak ng mga presidente ng pamantasan 'yung datos na kailangan nila para gumawa ng desisyon.

Ito po ang dahilan kung bakit, halimbawa sa UP, ang desisyon ng UP ay kung magli-limited face-to-face sila, ang papayagan lang ay 'yung mga estudyante sa graduate school at 'yung mga graduating students. Iyan po ay desisyon sa kanilang konsultasyon sa mga guro at mga --- at mga estudyante na ipapagpatuloy nila ang online at offline options at irereserba 'yung face-to-face doon lang sa talagang nangangailangan na sila'y magkaroon ng face-to-face.

[Next slide, please.]

Alam po namin na may mga local government na nag-declare na ng tinatawag nilang academic break o health break. Hindi ho masyadong appektado ang mga universities dito dahil hindi pa naman ho nagsisimula ang second semester ng madaming mga universities.

Pero sa mga lugar na nagsimula na sila ng semester, sumusunod po ang mga pamantasan sa pag-uugnayan nila sa kanilang local government kung magkakaroon ng health break. Hindi na po kailangan ng isang bagong patakaran sa CHED dahil ginagawa na po nila ito mula noong 2020 pa.

Pagka ang kondisyon ay nahihirapan ang mga bata, mental health-wise or academic health-wise, 'yung universities na po on their own are having a one-week break para makapag-adjust 'yung kalagayan ng kanilang mga estudyante.

[Next slide, please.]

Ngayon January po, halimbawa doon sa mga universities na nagsimula na ng semester at nag-o-online classes, 134 na mga universities. Ang pinakamarami sa NCR at sa Region IV ang nag-declare ng academic break mula January 1 to 13 at the start of the semester.

Ang ibig sabihin ho ng academic break dito ay `yung kanilang mga requirements sa mga estudyante ay kanilang ni-relax, itinigil ang mga asynchronous at synchronous activities at in-adjust para makapag --- makapagpahinga nang kaunti ang kanilang mga estudyante.

Mayroong additional 126 na mga pamantasan po sa iba't ibang lugar ng Pilipinas ang nag-report na rin sa CHED na ngayong last two weeks of January ay magkakaroon sila ng academic break.

Iyong academic break po, Ginoong Pangulo, tulad ng sabi ko, ay hindi lamang sa COVID, `yung iba ay dahil din doon sa epekto ng Bagyong Odette. Sila'y nag-academic break para `yung requirements ng mga estudyante ay kanilang i-adjust.

[Next slide, please.]

Ang ating patakaran po sa academic break ay ito po ay desisyon ng individual na mga universities at colleges based on the health conditions on the ground, the situation of the students and faculty, their academic calendar, and learning continuity plans, and consultation with local governments.

Ito po ay kanilang nire-report sa kanilang Board of Regents, sa kanilang pamunuan, at sa regional office ng CHED. Kaya't every week po ay nagreport ang ating mga universities, hindi lamang doon sa status ng kanilang vaccination, kung `di kung ano ang mga nagbabago sa kanilang lugar para po kung kailangang tulungan ng CHED ang ating mga universities ay daglian po natin silang matutulungan.

Kaya't nakakasiguro po tayo, Mr. President, na responsive ang ating mga universities para siguruhin ang kaligtasan ng kanilang mga estudyante, faculty, at employees, at magpatuloy ang pag-aaral.

Iyan lang po ang ating report, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Maraming salamat, Chairman de Vera. We go to the FDA, presented here by Oscar Gutierrez.

FDA OFFICER-IN-CHARGE DIRECTOR GENERAL OSCAR

GUTIERREZ: Magbibigay po ako ng kaunting ulat tungkol sa mga COVID-19 health products na nasa FDA ngayon.

[So next slide.]

PRESIDENT DUTERTE: Excuse me, medyo mahina ang ano. Can you --- if you can pull the microphone nearer to you or you go to you --- your mouth will go to the microphone. Ganoon lang, mamili ka lang diyan.

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Okay. Sa ngayon po, mayroon tayong mga pediatric vaccines na aprubado. Dalawa po sila, 'yung Moderna for 12 years old and above at 'yung Pfizer for 12 years old and above. Subali't mayroong bagong formulation na nai-report na ni Secretary Galvez na hinihintay po natin ito ay para sa mga five to 11 years old.

Maliban doon po, gusto kong ipaalam sa publiko na mayroon po tayong mga bakuna na for EUA amendment na makakatulong po sa programa ng gobyerno para masiguro po natin na sapat po ang magiging bakuna natin sa hinaharap.

Kagaya po ng Covaxin vaccine, for two to 18 years old po ito. Ang Sinovac vaccine naman, gaya ng naiulat ho ni Secretary Galvez, mayroon po for three to seven years old, at mayroon naman din po silang application for 12 to 17 years old. Ang Sinopharm vaccine naman ay may application po for amendment para sa three to seven years old.

So kung papasa po itong tatlo sa ating clinical evaluation at sa standard po ng FDA, mayroong --- magkakaroon po tayo ng limang bakuna sa immediate future po.

[So next slide po.]

Dito po, makikita po natin dito na tatlong type po ng COVID-19 test na healthcare professional-assisted po. May tinatawag po tayong PCR test, antibody test at antigen test. So for emphasis lang po, 'yung mga home test kit or tawagin na po nating self-test kit ay magmumula po ito sa antigen type of test.

[So next slide.]

So ito pong mga self-test kit ay bibigyan po ng FDA ng special certification para ito maging accessible and available po sa household and individuals.

Eleven applications na po ang natanggap ng FDA as of today. Kung matatandaan po `yung huli kong ulat dalawa lang po.

So itong 11 na ito ay lahat po ito ay dumaan na po sa FDA at nai-forward na po natin sa RITM for performance validation. Ayon po `yan sa FDA Memo 2021-009. At noong January 9 po, dalawa po appli --- dalawang application ang nai-forward natin sa RITM; January 13, limang applications po.

Mr. President, `pag nasa market na po itong product, continuous po monitoring kami, nagpapadala po kami ng --- nagco-collect ho kami ng sample, nagpapadala po tayo sa RITM para po mai-test po ulit siya sa actual use. Mayroon po tayong mga reports na ganyan, Mr. President.

[So next slide na po tayo. Last na po ito. Iyong next slide.]

Ito po `yung muti --- Molnupiravir local production po. Kung matatandaan po nag-report po ako na magkakaroon po ng local production, ito po `yung update. Noong Friday po, nag-submit po ang Lloyd Laboratories ng EUA application, naka-base po ito sa Circular No. 2020-0036. Subali't itong circular na ito po ay para ito sa EUA for imported drug products.

Ngayong umaga po, nakagawa po kami ng final draft na para po sa locally manufactured EUA. So ito po ay na kay Secretary of Health na po, nasa office niya received today. Ang --- basically po ang dinagdag po natin na napakaimportante ay `yung GMP Inspection.

Kasi po `yung manufacturer ay nasa Pilipinas, mababantayan po natin ang compliance nila kung makakagawa po sila ng Molnupiravir na ayon po sa standard po ng isang gamot base po sa pag-comply po sa GMP. So ganoon po ang kuan.

At importante po sa amin sa FDA `yung active pharmaceutical ingredient ay kaya po nilang suriin para bago nila tanggapin dahil dito po sa locally manufactured EUA Molnupiravir ang imported po dito na napakahalaga ay `yung active pharmaceutical ingredient, `yung Molnupiravir.

Although, locally produced siya, meaning `yung final finished product na capsule ay nasa Philippines ginawa, `yung laman po ng active pharmaceutical ingredient ay imported po. So importante po na ma --- mabantayan po natin ang kalidad po ng mga active pharmaceutical ingredient na isu-supply po sa Lloyd.

So in the absence po of the locally manufactured guidelines for EUA, patuloy naman po ang aming pag-pre-assess. Hindi pa naman po sila nakakapagbayad dahil hindi pa tapos ang pre-assessment. At `yung evaluation po itutuloy po natin `yan o sisimulan po natin `yan kung ma --- matapos po nilang makumpleto `yung requirements.

Iyon lang po, mahal na Presidente, Mayor, sir. Thank you po.

PRESIDENT DUTERTE: Totoo ka, mahal mo talaga ako? Unang-una, Bisaya ka `no?

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Kahibalo ko sa Bisaya, sir. (I understand Bisaya, sir.)

PRESIDENT DUTERTE: Kay gumamit ka ng --- may ginamit ka na word na which gave you away, "kuwan", "kuan".

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Sir, I was based, I was raised --- I was born and raised in Davao City po. Taga-Ateneo de Davao po ako nag-graduate, high school po.

PRESIDENT DUTERTE: Ah kaya. Pagsabi mo, "kuan..."

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Sa UP lang po ako nag-aral ng college. Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Ginagamit `yan sa mga Bisaya ng, "itong mang kuan", "itong kuan", that's a...

DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: That's a Tagalog-Davao po.

PRESIDENT DUTERTE: Ang Tagalog halo. Pero ako doon ako sa sektor ng mga --- wala mang maniwala kung sabihin ko, but we have never been a --- a part of the "Four Hundred" of society, ika nga.

Salamat.

--- END ---